Tunay na ang isa sa inyo, kapag namatay siya, ay ilalahad sa kanya ang upuan niya sa umaga at gabi

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tunay na ang isa sa inyo, kapag namatay siya, ay ilalahad sa kanya ang upuan niya sa umaga at gabi. Kung siya ay naging kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso, kabilang siya sa mga maninirahan sa Paraiso; at kung siya ay naging kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno, kabilang siya sa mga maninirahan sa Impiyerno; saka sasabihin: Ito ang upuan mo hanggang sa bumuhay sa iyo si Allāh sa Araw ng Pagbangon."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tao, kapag namatay siya, ay ilalahad sa kanya ang tuluyan niya at ang lugar niya na natatangi sa Paraiso o Impiyerno sa simula ng maghapon at wakas nito: ang lugar niya sa Paraiso kung siya ay naging kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso at ang lugar niya sa Impiyerno siya ay naging kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno, at sasabihin sa kanya: "Ito ang upuan mo na bubuhayin ka rito sa Araw ng Pagbangon." Sa gayon ay may ginhawa sa mananampalataya at may pagpaparusa sa tagatangging sumampalataya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11210